# *Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo ay Totoo*

***"1 Ngayo'y ipinatatalastas ko sa inyo, mga kapatid, ang evangelio na sa inyo'y aking ipinangaral, na inyo namang tinanggap, na siya naman ninyong pinananatilihan, 2 Sa pamamagitan naman nito'y ligtas kayo kung matiyaga ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan. 3 Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, 4 At siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan; 5 At siya'y napakita kay Cefas, at saka sa labingdalawa; 6 Pagkatapos ay napakita sa mahigit na limang daang kapatid na paminsan, na ang karamihan sa mga ito'y nangabubuhay hanggang ngayon, datapuwa't ang mga iba'y nangatulog na; 7 Saka napakita kay Santiago; at saka sa lahat ng mga apóstol; 8 At sa kahulihulihan, tulad sa isang ipinanganak sa di kapanahunan, ay napakita naman siya sa akin.9 Ako nga ang pinakamaliit sa mga apostol, at hindi ako karapatdapat na tawaging apostol, sapagka't pinagusig ko ang iglesia ng Dios.10 Datapuwa't sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, ako nga'y ako; at ang kaniyang biyaya na ibinigay sa akin ay hindi nawawalan ng kabuluhan; bagkus ako'y malabis na nagpagal kay sa kanilang lahat: bagaman hindi ako, kundi ang biyaya ng Dios na sumasa akin.11 Maging ako nga o sila, ay gayon ang aming ipinangangaral, at gayon ang inyong sinampalatayanan. 12Kung si Cristo nga'y ipinangangaral na siya'y muling binuhay sa mga patay, bakit ang ilan sa inyo ay nagsisipagsabi na walang pagkabuhay na maguli ng mga patay? 13 Datapuwa't kung walang pagkabuhay na maguli ng mga patay, ay hindi rin nga muling binuhay si Cristo: 14 At kung si Cristo'y hindi muling binuhay, ay walang kabuluhan nga ang aming pangangaral, wala rin namang kabuluhan ang inyong pananampalataya. 15 Oo, at kami ay nasusumpungang mga saksing bulaan tungkol sa Dios; sapagka't aming sinasaksihan tungkol sa Dios, na kaniyang muling binuhay si Cristo; na hindi siyang muling nabuhay, kung tunay nga ang mga patay ay hindi muling binubuhay.16 Sapagka't kung hindi muling binubuhay ang mga patay, ay hindi rin nga muling binuhay si Cristo:17 At kung si Cristo ay hindi muling binuhay, ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan kayo'y nasa inyong mga kasalanan pa.18 Kung gayon nga, ang mga nangatutulog din naman kay Cristo ay pawang nangapahamak. 19 Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, ay tayo sa lahat ng mga tao ang lalong kahabaghabag.20 Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog." (1 Corinto 15:1-20)***

Si Apostol Pablo ay nagpadala ng isang nakapagpapatibay na sulat sa simbahan na kanyang itinanim sa Corinto. Ipinaaalaala niya sa kanila ang katotohanang taglay natin kay Cristo Jesus na ating Panginoon. Ang kanyang mensahe sa simbahan ay tungkol sa ebanghelyo, ang mabutng balita na ipinangral niya sa kanila, at kung saan sila ay naniniwala at pinananatilihan. ***"1 Ngayo'y ipinatatalastas ko sa inyo, mga kapatid, ang evangelio na sa inyo'y aking ipinangaral, na inyo namang tinanggap, na siya naman ninyong pinananatilihan," (1 Corinto 15:1)*** Sinasabi niya sa simbahan at sinasabi niya sa atin ngayon na sa pamamagitan ng ebanghelyong ito ay mayroong kaligtasan. Ang ebanghelyo ng mensahe at ito, "***8 Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin." (Roma 5:8)*** Si Cristo ay namatay para sa atin at binayaran ang halaga para sa ating mga kasalanan sa krus. Ang kanyang kamatayan ay tumubos sa atin at nagligtas sa atin mula sa pagkaalipin ng mga kasalanan at kamatayan. Walang ibang paraan upang maligtas at maabot ang Langit, maliban sa pamamagitan ni Jesus.

Ngunit dapat din nating malaman na si Cristo ay ang Salita ng Dios, samakatuwid kapag tinanggap natin si Cristo kinakamit at tinatanggap ang Salita ng Dios sa ating buhay ; na gagawin natin ito at isasabuhay natin ito. At iyon ang sinasabi ni Pablo sa Simabahan, ***"2 Sa pamamagitan naman nito'y ligtas kayo kung matiyaga ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan.'' (1 Corinto 15 :2)*** Sa gayon mga kapatid maingat mong hawakan ang Salita ng Dios at ang aral ni Jesus at ang ipinangaral na iyong tinanggap, dahil sa Araw ng Paghuhukom, ang paghatol ay batay sa Salita ng Dios na iyong tinanggap at ang Salita na ipinangaral sa iyo, ***''maliban na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan.''*** Ang ating pananampalatay ay dapat samahan ng mga pagkilos at gawa, kung hindi ay walang magiging halaga para sa atin.

***''3 Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan,'' (1 Corinto 15:3)*** Si Pablo ay tapat na lingkod dahil ipinasa niya sa simbahan kung anong kanyang tinanggap mula sa Salita ng Dios. Dapat nating gawin ang katulad ; ang mabuting balita na ating tinanggap mula sa Paginoon at mula sa Kanyang Salita kailangan nating ipasa ito sa mga nasa ilalim ng ating pangangalaga, sa mga kapatid, upang hikayatin silang mabuhay sa mensahe ng Panginoon at bigyan sila ng direksyon kung paano tumalima sa Dios.

Pinagtibay ni Pablo sa Simbahan ang mensahe ng pagkabuhay na maguli ng Panginoon mula sa kamatayan. Sinasabi niya sa kanila kung si Cristo ay hindi nabuhay mula sa mga patay sa gayon walang silbi ang pangangaral. Ang suliranin ng Simbahan sa Corinto sila'y nagdudud sa pagkabuhay sa pagkamatay. Ang sinasabi ni Pablo sa kanila, kung walang pagkabuhay na maguli sa gayon ang ating Panginoon ay patay pa rin,

sa gayon walang pag-asa para sa ating lahat. At kung si Cristo ay hindi nabuhay mula sa mga patay kung gayon walang silbi na pumaroon at ipangaral ang ebanghelyo sa iba. Habang binabasa natin ang isinulat ni Pablo sa kanila mauunawaan natin ang suliraning nagaganap noong panahong iyon doon sa simbahang iyon, na parehong suliranin sa mga hindi naniniwala na nabuhay na maguli si Cristo mula sa mga patay; ***''12 Kung si Cristo nga'y ipinangangaral na siya'y muling binuhay sa mga patay, bakit ang ilan sa inyo ay nagsisipagsabi na walang pagkabuhay na maguli ng mga patay? 13 Datapuwa't kung walang pagkabuhay na maguli ng mga patay, ay hindi rin nga muling binuhay si Cristo: 14 At kung si Cristo'y hindi muling binuhay, ay walang kabuluhan nga ang aming pangangaral, wala rin namang kabuluhan ang inyong pananampalataya. 15 Oo, at kami ay nasusumpungang mga saksing bulaan tungkol sa Dios; sapagka't aming sinasaksihan tungkol sa Dios, na kaniyang muling binuhay si Cristo; na hindi siyang muling nabuhay, kung tunay nga ang mga patay ay hindi muling binubuhay.16 Sapagka't kung hindi muling binubuhay ang mga patay, ay hindi rin nga muling binuhay si Cristo:17 At kung si Cristo ay hindi muling binuhay, ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan kayo'y nasa inyong mga kasalanan pa.18 Kung gayon nga, ang mga nangatutulog din naman kay Cristo ay pawang nangapahamak. 19 Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, ay tayo sa lahat ng mga tao ang lalong kahabaghabag." (1 Corinto 15:12-19)***

Sinasabi dito ni Pablo sa simbahan na si Cristo ay totoong nabuhay na maguli mula sa mga patay, gaya ng kanyang isinulat, ***''20 Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog." (1 Corinto 15:20)*** Si Cristo ayon sa Kasulatan dito, siya ang pangunahing bunga, dahil siya ang unang tao na mabuhay na maguli sa mga patay, at hindi namatay muli, dahil walang iba na nabuhay na maguli sa mga patay at namatay muli, ngunit Siya ay itinaas sa Langit at Siya ngayon ay nasa kanang kamay ng Dios, at Siya ay hindi mamatay na muli ngunit Siya ay paparitong muli upang hatulan ang nabubuhay at namatay.

At binanggit ni Pablo sa kanila ang mga katibayan ng pagkabuhay na maguli ni Cristo mula sa mga patay. Ang mga sumusunod at mga patunay, katotohanan, at katunayan tungkol sa pagkabuhay na maguli ni Cristo upang pagtibayin tayo na magpatuloy at maglingkod sa Dios nang tapat sa pagpapahayag kay Cristo at pagtuturo ng Kanyang Salita sa iba at may lakas ng loob.

***1. Ang pagkabuhay ni Cristo ay nasa Banal na Kasulatan: "3 Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, 4 At siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan;" (1 Corinto 15:3-4)*** Sinasabi sa Luma at Bagong Tipan ang tungkol sa pagdurusa, pagkamatay at pagkabuhay ni Cristo. Ang sumusunod ay ang ilan sa mga Kasulatang ito:

***A. Isaiah 53,*** sinasalita ang tungkol kay Cristo sa pagdalamhati, pagkamatay at ang Kanyang libing sa isang libingan, ***"1 Sinong naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng Panginoon. 2 Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa tuyong lupa: walang anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya. 3 Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya. 4 Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati. 5 Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo. 6 Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat. 7 Siya'y napighati, gayon man nang siya'y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig. 8 Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang gumunita na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay? dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya. 9 At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig. 10 Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan, makikita niya ang kaniyang lahi, pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kaniyang kamay.11 Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan. 12Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at kaniyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang: gayon ma'y dinala niya ang kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalangsang." (Isaiah 53:1-12)*** Sa talata 5 sinasabi na siya ay nasugatan at nabugbog dahil sa ating mga pagsalangsalng at kasalanan, at tinanggap niya ang kaparusahan ng ating mga

kasalanan. Sa talata 10 ginawa ng Dios na siya'y maging handog para sa ating mga kasalanan, na siya ay pinatay upang bayaran ang halaga ng ating mga kasalanan. Sa talata 7 at 8 ay nagsasabi na Siya ay pinatay, at talata 9, siya ay inilagay sa isang libingan.

***B. Sa Awit 22,*** ay sinasalita ang tungkol sa pagdadalamhati ni Cristo at ng kanyang pagkapako habang kanilang ipinako ang Kanyang mga kamay at paa na ginawa nila upang ipako Siya sa krus, ***"11 Huwag mo akong layuan; sapagka't kabagabagan ay malapit; sapagka't walang tumulong. 12 Niligid ako ng maraming toro; mga malakas na toro ng Basan ay kumulong sa akin. 13 Sila'y magbubuka sa akin ng kanilang bibig, na gaya ng sumasakmal at umuungal na león. 14 Ako'y nabuhos na parang tubig, at lahat ng aking mga buto ay nangapapalinsad: ang aking puso ay parang pagkit; natutunaw ito sa loob ko. 15 Ang aking kalakasan ay natuyo na parang bibinga; at ang aking dila ay dumidikit sa aking ngalangala; at dinala mo ako sa alabok ng kamatayan. 16 Sapagka't niligid ako ng mga aso: kinulong ako ng pulutong ng mga manggagawa ng masama; binutasan nila ang aking mga kamay at ang aking mga paa. 17 Aking maisasaysay ang lahat ng aking mga buto; kanilang minamasdan, at pinapansin ako; 18 Hinapak nila ang aking mga kasuutan sa gitna nila, at kanilang pinagsapalaran ang aking kasuutan." (Awit 22:11-18)*** Sa talata 18 sinasalita dito ang tungkol sa paghahati-hati ng kasuutan ni Cristo at pinagsapalaran ang kanyang kasuutan pagkatapos ng pagpapako sa Kanya na totoong nangyari gaya ng nasusulat.

***C. Awit 16:10, "10 Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol; ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng kabulukan."*** Ang Banal dito ay si Cristo, at dito ipinangako ng Dios na hindi Niya hahayaan ang katawan ni Cristo pagkatapos ng Kanyang pagkamatay ay makita ang kabulukan o pagkabulok gaya ng dati kapag namatay ang katawan ng tao. Ang ***Awit 16*** ay para ay Haring David, na isang hari at isang propeta, at nagpropesiya siya tungkol sa kamatayan at pagkabuhay na maguli ni Cristo. Nakuha ni Apóstol Pedro sa ***Mga Gawa 2*** ang isinulat ni Haring David sa ***Awit 16*** upang ipakita sa mga Judío na tinupad ng Dios ang Kanyang ipinangako na muling binuhay n Cristo mula sa mga patay. ***"25 Sapagka't sinasabi ni David tungkol sa kaniya, Nakita kong lagi ang Panginoon sa aking harapan; Sapagka't siya'y nasa aking kanang kamay, upang huwag akong makilos: 26 Dahil dito'y nagalak ang aking puso, at natuwa ang aking dila; Pati naman ang aking laman ay mananahan sa pagasa: 27 Sapagka't hindi mo iiwan ang kaluluwa ko sa Hades, Ni titiisin man na ang iyong Banal ay makakita ng kabulukan. 28 Ipinakilala mo sa akin ang mga daan ng buhay; Pupuspusin mo ako ng kagalakan sa harap ng iyong mukha. 29 Mga kapatid, malayang masasabi ko sa inyo ang tungkol sa patriarkang si David, na siya'y namatay at inilibing, at nasa atin ang kaniyang libingan hanggang sa araw na ito. 30 Palibhasa nga'y isang propeta, at sa pagkaalam na may panunumpang isinumpa ng Dios sa kaniya, na sa bunga ng kaniyang baywang ay iluluklok niya ang isa sa kaniyang luklukan; 31 Palibhasa'y nakikita na niya ito, ay nagsalita tungkol sa pagkabuhay na maguli ng Cristo, na siya'y hindi pinabayaan sa Hades, ni ang kaniya mang katawan ay hindi nakakita ng kabulukan. 32 Ang Jesus na ito'y binuhay na maguli ng Dios, at tungkol dito'y mga saksi kaming lahat." (Mga Gawa 2:25-32)*** Sinabi din ni Pedro sa mga Judio na pinatay nila Siya, at hindi nila itinanggi ito at hindi sinabing 'Hindi', at sinabi din ni Pedro sa kanila na binuhay Siya ng Dios mula sa mga patay at hindi nila itinanggi at hindi sinabing 'Hindi': ***"23 Siya, na ibinigay sa takdang pasiya at paunang kaalaman ng Dios, kayo sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan ay inyong ipinako sa krus at pinatay: 24 Na siya'y binuhay na maguli ng Dios, pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan: sapagka't hindi maaari na siya'y mapigilan nito." (Mga Gawa 2:23-24)***

***D. Si Cristo mismo ang nagsalita tungkol sa Kanyang kamatayan at Kanyang muling pagkabuhay; "21 Mula ng panahong yao'y nagpasimulang ipinakilala ni Jesus sa kaniyang mga alagad, na kinakailangang siya'y pumaroon sa Jerusalem, at magbata ng maraming bagay sa matatanda at sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at siya'y patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw." (Mateo 16:21) "17 Samantalang umaahon si Jesus, ay bukod niyang isinama ang labingdalawang alagad, at sa daa'y sinabi niya sa kanila, 18 Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem; at ibibigay ang Anak ng tao sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba; at kanilang hahatulang siya'y patayin. 19 At ibibigay siya sa mga Gentil upang siya'y kanilang alimurahin, at hampasin, at ipako sa krus: at sa ikatlong araw siya'y ibabangon." (Mateo 20:17-19) "32 At sila'y nangasa daan, na nagsisiahon sa Jerusalem; at nangunguna sa kanila si Jesus: at sila'y nangagtaka; at ang nangagsisisunod ay nangatakot. At muling kinuha niya ang labingdalawa, at nagpasimulang sinabi sa kanila ang mga bagay na sa kaniya'y mangyayari, 33 Na sinasabi, Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem; at ibibigay ang Anak ng tao sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba; at siya'y kanilang hahatulang patayin, at ibibigay siya sa mga Gentil:" (Marcus 10:32-33) "31 At isinama niya ng bukod ang labingdalawa, at sa kanila'y sinabi, Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem, at ang lahat ng mga bagay na isinulat ng mga propeta ay mangagaganap sa Anak ng tao. 32 Sapagka't siya'y ibibigay sa mga Gentil, at siya'y aalimurahin, at duduwahaginin, at luluraan. 33 At kanilang papaluin at papatayin siya: at sa ikatlong araw ay muling magbabangon siya." (Lucas 18:31-33)*** Hindi mabilang na beses ang nakasulat sa Bibliya na Siya ay namatay at nabuhay na maguli mula sa mga patay. Ang mga sinungaling ay ang mga nagsasabi na si Jesus ay hindi namatay sa krus at hindi muling nabuhay mula sa mga patay. Ang Bibliya ang tanging tunay na aklat mula sa Dios.

***2. Si Cristo pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay ay nagpakita kay Pedro at sa labing dalawa: "5 At siya'y napakita kay Cefas, at saka sa labingdalawa; 6 Pagkatapos ay napakita sa mahigit na limang daang kapatid na paminsan, na ang karamihan sa mga ito'y nangabubuhay hanggang ngayon, datapuwa't ang mga iba'y nangatulog na;" (1 Corinto 15:5)*** At kaya naman sila ay nahikayat, at ang dahilan at ang katapangang mangaral ng mensahe sa malaking pulutong ng mga Judio na nagmula sa Jerusalem upang ipagdiwang ang araw ng Pentocoste at sa huli'y isinulat iyon sa Kasulatan na mayroon tayo sa Bibliya. Ipinangaral ni Pedro sa araw ng Pentecostes ang kanyang unang sermon sa isang malaking pulutong pagkatapos ng limampung araw ng kamatayan ni Jesus, pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na maguli at pag-akyat sa Langit. Nakilala ni Pedro ang bumagong Panginoon pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na maguli; binigyan siya ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang ipangaral ang mensahe, at pinatunayan ng presensya ng walang laman na libingan ni Jesus sa Jerusalem. Sinabi ni Apostol Pedro sa karamihan, ***"32 Ang Jesus na ito'y binuhay na maguli ng Dios, at tungkol dito'y mga saksi kaming lahat." (Mga Gawa 2:32)*** Sa sandalling iyon walang nakipagtalo kay Pedro tungkol doon dahil sa mga katibayang walang lamang libingan ni Jesus ay kilala at wastong katotohanan at patunay ng pagkabuhay na maguli ni Jesus. Alam ng lahat kung saan Siya inilibing at walang laman ang Kangyang libingan.

***3. Si Cristo ay nagpakita sa mahigit liman daang kapatid: "6 Pagkatapos ay napakita sa mahigit na limang daang kapatid na paminsan, na ang karamihan sa mga ito'y nangabubuhay hanggang ngayon, datapuwa't ang mga iba'y nangatulog na;" (1 Corinto 15:6)*** Sinasabi ni Pablo sa simbahan na karamihan sa mga kapatid na iyon na si Jesus ay nagpakita ay buhay pa sila; sa isang Salita sinasabi niya sa kanila na maari silang pumaroon at tanungin sila at sasabihin nila sa iyo at isasalarawan sa iyo kung paanong si Cristo ay nagpakita sa kanila. Nagpatuloy pa si Pablo sa pagsasabi sa simbahan na si Crsito ay nagpakita kay Santiago at sa mga Apóstoles. ***"7 Saka napakita kay Santiago; at saka sa lahat ng mga apóstol;" (1 Corinto 15:7)*** Na inutusan ni Cristo at ipinadala at ipangaral ang Ebanghelyo sa mga bansa.

***4. Si Cristo ay nagpakita kay Apostol Pablo: "8 At sa kahulihulihan, tulad sa isang ipinanganak sa di kapanahunan, ay napakita naman siya sa akin." (1 Corinto 15:8)*** Sinabi ni Pablo sa simbahan na ang tunay na dahilan para kanya upang pumaroon sa Corinto at sa ibang mga dako at ipangaral ang ebanghelyo at gumawa ng mga alagad ay dahil si Cristo Mismo ay nagpakita sa kanya at binago ang kanyang buhay at inutusan siyang pumaroon at mangaral. Parang sinasabi ni Pablo sa simbahan na wala siyang dahilan at walang mensahe na dadalhin sa kanila at ipangaral ang Salita at magtanim ng simbahan ng Dios sa Corinto kung ang Pagkabuhay na maguli ni Cristo at hindi nagpakita sa kanya at binago siya. Binago ni Cristo ang buhay ni Pablo mula sa makasalanan at taga-usig ng simbahan hanggang sa isang tagapagtayo ng simbahan ng Dios, at ito ay napaka bisang katibayan ng pagkabuhay na maguli ni Cristo na nabubuhay pa at nagbabago ng buhay ng mga tao.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** At sa huli ay nagpakita din Siya sa akin. Kung hindi ang bumangong Panginoon na nagpakita sa akin at ipinahayag ang Kanyang sarili sa akin at binago ang aking buong buhay, hindi ko dadalhin sa iyo ang mensaheng ito. Ang pagkabuhay na maguli ni Cristo ay totoo. Inaanyayahan kita ngayon na sundin si Cristo at ibigay ang iyong buhay sa Kanya. ***"11 Nguni't kung ang Espiritu niyaong bumuhay na maguli kay Jesus ay tumira sa inyo, ang bumuhay na maguli kay Cristo Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu na tumitira sa inyo." (Roma 8:11 KJV)*** Wala nang takot sa kamatayan. Ibabangon tayo ng Dios mula sa mga patay kapag Siya ay dumating, o sasalubungin natin Siya sa himpapawid na may niluwalhating katawan kung tayo ay nabubuhay pa pagparito Niya. Kaya't magpakasigla at lakasan ang loob at hayaan manumbalik ang iyong pag-asa habang tinatanggap mo ang mensahe at sumulong kasama ng kapangyarihan ng Dios at ng Banal na Espiritu upang dalhin pa ang mensahe sa iba na walang pag-asa.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*

*Panginoon salamat para sa Iyong Salita na nagpasiglang muli ng aking pag-asa at ng aking pagtitiwala sa iyo. Tulungan mo ako Panginoon na dalhin ang mensahe sa isang karagdagang punto at hikayatin ang mga nalulumbay ng Iyong Salita at ng Iyong ebanghelyo.*

*Ipagtapat at talikdan ang iyong mga kasalanan; ang kasalanan ng pagdududa at hindi pananampalataya, ang kasalanan ng hindi pagpapahayag ng ebanghelyo. Panginoon patawarin ako sa mga sumusunod na mga kasalanan* ____________________________________________________________.

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na magpatuloy at isabuhay ang aking buhay sa iyo at ipangaral ang iyong Salita at ang ebanghelyo ni Jesus. Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili na magparami ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu na makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para aking mga Kapatid na Lalake at Babae na ipinangako ang kanilang buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon pagpalain sila, protektahan sila, at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan upang sila'y makaparono at maglingkod sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at gamitin ang kanilang buhay at mga patototo upang magebanghelyo at magdala ng iba sa iyo.*

*Panginoon ipahayag ang iyong sarili sa iba pang mga tao sa pangitain at panaginip at baguhin ang kanilang buhay at tawagin sila upang maglingkod sa iyo. Panginoon kami'y nanalangin na pagpalain kami bilang isang simbahan, puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob upang magpatuloy at maglingkod sa iyo sa pag-abot sa nawawala. Panginoon manguna ka sa amin at tulungan kaming magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya, at magsanay ng bagong mga manggagawa. Panginoon tuparin ang pananaw ng simabahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios', Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen*

Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo ay Totoo. 1 Corinto 15:1-20, Roma 5:8. Isaias 53:1-12. Awit 22:11-18. Awit 16:10. Mga Gawa 2:25-32. 23-24. Mateo 16:21. Mareo 20:17-19. Marcos 10:32-33. Lucas 18:31-33. Roma 8:11.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com